

Pag-iingat para huwag matunton ng abusadong asawa



Mga pamaraan para sa ligtas at tahimik na pamumuhay

Ang DV law (Para sa proteksyon ng mga biktima ng pang-aabuso) ay itinatag noong 2001 at mula noon ay isinasagawa ang pagkukup at pagprotekta sa mga biktima ng pang-aabuso.

Halimbawa, kagaya ng kung ang isang banyagang asawa na may asawang Hapon or banyaga din na may resident visa ay namumuhay ng hiwalay sa nasabing asawa sa loob ng mas higit pa sa 6 na buwan, ang kanyang resident visa ay mawawalan ng bisa. Subalit kung sya ay tumakas dahil sa pang-aabuso at kailangan ng proteksyon, ang kanyang resident visa ay ipagkakaloob.

Subalit kung hindi sila mag-iingat ay maari pa ring matunton ang kanilang bagong tirahan ng asawang nang-abuso. Para maiwasan ang ganitong sitwasyon ay isagawa ang mga sumusunod na pamamaraan ng pag-iingat.

- (1) Huwag mag-rehistro ng pagbabago ng address, kahit sigurado na ang paglilipat ng tirahan. Maaring i-check ng dating asawa sa post office o sa banko ang bagong address.
- (2) I-withdraw ang lahat ng pera sa dating bank account. Magkunsulta sa bagong banko sa paggawa ng bagong bank account. Ipakiusap na huwag magpadala ng notisya sa lumang address.
- (3) Makiusap sa munisipyo ng bagong tirahan at humingi ng supporta at tulong para sa proteksyon bilang biktima ng DV sa Basic Resident Register office, at nang sa gayun ay mapigilan kung sakaling ang dating asawa ay magsadya at humingi ng impormasyon ng inyong bagong tirahan,
- (4) Huwag kaagad magpagawa ng bagong resident certification, ipagawa ito matapos na ma-diborsyo sa dating asawa. Maipapasok sa paaralan ang inyong anak na hindi pinapalitan ang residence certificate, ipaalam lamang ang inyong kalagayan bilang biktima ng pang-aabuso. Ipakiusap din sa upisina ng paaralan na huwag magbigay ng anumang impormasyon sakaling may magsadya kagaya ng dating asawa. Kalimitan ang nang-abusong asawa ay pumupunta sa dating paaralan ng bata at nag-nanais na makuha ang bagong address ng bata at dating asawa
- (5) Pag nagpalit ng tirahan, ang numero ng pension handbook ay papalitan ng numero na nagsasaad na ito ay numero ng biktima ng DV.
- (6) Ang pagpapadala ng notisya ng My Number ay sa buwan ng Nobyembre, kung saan kayo nanirahan hanggang September 25, 2015. Ang card ay hindi matatanggap ng biktima kung kayo ay nakatira sa shelter o hindi pa binago ang address, subalit ito ay maaring ipadala sa address ng dating asawang nang-abuso. Ang My number ay kailangan para sa mga pagpapatala kagaya ng pag apply sa welfare, pagpasok ng inyong anak sa daycare, at iba pa. Magkunsulta sa munisipyo kung saan dating nakarehistro, para maipadala ang inyong my number card sa bagong address at para mapalitan ang numero.

Isa sa mga delikadong paraan na maari kayong matunton ay sa smart phone, line, Facebook o kaya blog. At kahit na cancel na ninyo ang smart phone, maari pa ring matunton sa Wifi. Huwag nang dalahin ang mga lumang gamit sa dating tirahan. I-cancel rin ang mga dating tech gadgets at gumawa ng bagong kontrata. Dahil napag desisyonan na ninyong makipaghiwalay sa dating nang-abusong asawa, gawin ang nararapat na pag-iingat para hindi kayo matunton at para makapamuhay ng ligtas at tahimik kasama ang inyong anak, makapag trabaho ng maayos at ng walang pag-alala. Kung may alalahanin o problema, magsadya lamang sa consultation window ng inyong munisipyo o kaya sa aming tanggapan ng FICEC, na malapit lang sa Kami-fukuoka station. Huwag mag-atubili at makipag-ugnayan lamang.

Pag-apply para sa personal number card

Pagkuha ng "My number card"

Paano makakuha ng personal number card? • • • Natanggap na ba ninyo ang notipikasyon ng "my number"? Maaring makakuha ng inyong personal number card ng libre, kung mag-aapply mula Enero 2016. Ang card ay maaaring gamitin bilang pampublikong identification card. Magagamit din ito sa pagkuha ng residence certificate sa mga convenience stores o gamitin bilang health insurance card. Depende sa personal na kagustuhan kung kukuha o hindi. Para mag-aapply: (1) gupitin ang Personal number card application mula sa notification card,


- (2) isulat ang pangalan sa likod at lagyan ng seal at
- (3) maglakip ng litrato.

Isulat ang pangalan, petsa ng kapanganakan, kasarian, at Kung mag-aapply via smart phone ilagay ang QR code. Ilagay Ang mga ito sa sobre na may kalakip na return envelope at ipadala sa koreo.

Para sa detalye ng litrato, dapat ang haba ay 4.5 cm, at 3.5 cm ang lapad at kinuha sa loob ng anim na buwan. Malinaw ang mukha at walang nakikita sa likuran. Walang sumbrero, sun-glasses, o mask, at hindi nakatawa.

Bago ilakip ang litrato, ilagay ang pangalan at kaarawan sa likod, sakaling matanggal ang litrato.

Para matanggap ang personal number card • • • Pag natanggap ang abiso para sa card, dalhin ito, ang notification card, at ID ng pagkakilanlan gaya ng driver's license, sa tanggapan ng munisipyo.



Ika-64 Yomiuri educational prize

Sa 114 na nominante, ang FICEC ang napiling tumanggap ng pinakamataas na pagkilala ng ika-64 Yomiuri educational prize bilang pinaka mahusay sa mga gawain sa mga paaralan at komunidad. Ang pokus sa edukasyon ng mga bata, ay isa sa mga mahalagang adhikain ng FICEC.

Ebento sa Japanese language class – Paggawa ng soba at kakizome

Sa mga nais makaranas ng pagdiriwang sa Bagong Taon, ayon sa kaugaliang Hapon, paggawa ng soba sa Bisperas ng Bagong Taon at ang Kakizome o pagsusulat ng unang calligraphy ng bagong taon. Ito ay libre para sa lahat. Halina't makisaya. Kailan: Dec.17, Mula 11:00~ Paggawa ng soba Jan.14, Mula 11:00~Pagsusulat ng unang calligraphy sa bagong taon Saan: Japanese language class, FICEC

Community Festival sa Fujimino-shi

Sari-saring gawain at mga aktibidades sa ating community festival. Maraming magaganda at masasarap na handa na makikita dito. Kasali din ang FICEC. Tara na at makisaya !!

Kailan: 2016 Enero 30 (Sabado), 10:00 ~ 15:00

Saan: (1) Cocone plaza, sa west exit ng Kamifukuoka station
(2) Service center hall

Programa: Drums, band performance, shishimai (lion dance), mga pagsasayaw, musical performance, jazz at flute ensemble, pagsasayaw ng hyottoko odori, food shops, Japanese quiz, mga work shops at iba pa.

